

Ang Kinabukasan ng ating mga Anak ay nasa ating mga Kamay Yugto 2

“36 At naginit si Jacob at nakipagtalos kay Laban, at sumagot si Jacob, at sinabi kay Laban, Ano ang aking sinalangang at ang aking kasalanan, upang ako'y habulin mong may pag-iinit? 37 Yamang inapuhap mo ang lahat ng aking kasangkapan, anong nasumpungan mong kasangkapan, ng iyong bahay? Ilagay mo rito sa harap ng aking mga kapatid at ng iyong mga kapatid, upang hatulan nila tayong dalawa. 38 Ako'y natira sa iyo nitong dalawang pung taon: ang iyong mga babaing tupa, at ang iyong mga babaing kambing ay hindi nawalan ng kanilang mga anak, at ang mga tupang lalake ng iyong kawan ay hindi ko kinain. 39 Ang nilapa ng mga ganid ay hindi ko dinala sa iyo; ako ang nagbata ng kawalan; sa aking kamay mo hiningi, maging nanakaw sa araw, o nanakaw sa gabi. 40 Ganito nakaraan ako; sa araw ay pinupugnaw ako ng init, at ng lamig sa gabi; at ang pagaantok ay tumatakas sa aking mga mata. 41 Nitong dalawang pung taon ay natira ako sa iyong bahay; pinaglingkuran kitang labing apat na taon dahil sa iyong dalawang anak, at anim na taon dahil sa iyong kawan: at binago mo ang aking kaupahan na makasangpu. 42 Kung hindi sumaa-kin ang Dios ng aking ama, ang Dios ni Abraham, at ang Katakutan ni Isaac, ay walang pagsalang palalayasin mo ako ngayong walang dala. Nakita ng Dios ang aking kapighatian, ang kapaguran ng aking mga kamay, at sinaway ka niya kagabi.” (Genesis 31:36-42 KJV)

Dito sa binasa natin ay ang sagot ni Jacob kay Laban nang sumunod ito sa kanya upang ibalik ang kanyang mga anak na babae at ang kanilang mga anak. Ang sagot na ito ni Jacob ay ang tanging sagot ni Jacob matapos siyasatin ni Laban ang mga toldas upang hanapin ang kanyang mga dios-diosan na kinuha ni Raquel at hindi makita ang mga ito. Pagkatapos ay dumating ang sagot na ito ni Jacob kay Laban. Sa sagot ni Jacob ay makikita at madarama natin ang pagdurusa ni Jacob na kanyang pinagdaanan habang siya ay nagtatrabaho sa ilalim ni Laban. Ano ang mga pagdurusa ni Jacob:

1. Ang pagdurusa ng kasipagan sa masamang kalagayan: Nagtrabaho si Jacob ng dalawampung taon kay Laban. Labing apat na taon na siya ay nagtrabao nang walang upang paglilingkod para sa dalawang anak na babae ni Laban, na kung saan ay mababasa natin sa talata 38 ang sumusunod na pahayag, *“at ang mga tupang lalake ng iyong kawan ay hindi ko kinain.”* Kaya inaalagaan niya ang mga kawan ngunit hindi niya natikman at kinain ang karne ng mga ito. Sa talata 39 binanggit dito, *“Ang nilapa ng mga ganid ay hindi ko dinala sa iyo; ako ang nagbata ng kawalan; sa aking kamay mo hiningi, maging nanakaw sa araw, o nanakaw sa gabi.”* Na si Jacob ang may pananagutan sa sa mga nawala, at hinihingi ni Laban na bayaran niya ito. Bagamat wala siyang upang ngunit inobliga siyang magbayad para dito, kaya mula sa kung saan siya magbabayad? Ang tanging paraan para sa kanya upang magbayad ay upang alisin mula sa kanyang iba pang mga pribilehiyo. Sa talata 40 ay nabanggit, *“Ganito nakaraan ako; sa araw ay pinupugnaw ako ng init, at ng lamig sa gabi; at ang pagaantok ay tumatakas sa aking mga mata.”* Sa taginit siya ay dinanas niya ang mainit na panahon ng araw, at ang init ng araw, at sa taglamig ay dinanas niya ang malamig na panahon sa gabi, bukod pa sa kakulangan ng tulog, sapagkat siya'y natutulog kasama ng mga kawan at kambing. Sa talata 41, ay nabanggit, *“at anim na taon dahil sa iyong kawan: at binago mo ang aking kaupahan na makasangpu.”* Iyon ay sa huling anim na taon ng kanyang paglilingkod sa panahon na binago ni Laban ang kanyang kaupahan ng makasampung. Paano ito nangyari? Nagkasundo sila tungkol sa tiyak na pagbabayad at sa oras ng pagbabayad ay babaguhin ni Laban ang termino at ang kondisyon ng kontrata at aalisin ang kanyang karapatan. Masakit ang karanasan para kay Jacob; walang maayos na tulog, walang pagkain ng karne, pagtatrabaho sa ilalim ng araw at sa malamig na panahon, pagbabayad ng mga pagkalugi, pagbabago ng kanyang pagbabayad paminsan minsan. Lahat ng ito ay mga katotohanan at hindi iyon itinanggi ni Laban.

Ating basahin ngayon ang sumusunod na mga Kasulatan tungkol kay Isaac ang ama ni Jacob: *“11 At nangyari, pagkamatay ni Abraham, na pinagpala ng Dios si Isaac na kaniyang anak; at si Isaac ay nanahan sa tabi ng Beer-lahai-roi.” (Genesis 25:11) “12 At si Isaac ay naghasik sa lupaing yaon, at umani siya ng taong yaon, ng tigisang daan at pinagpala siya ng Panginoon. 13 At naging dakila ang lalake at lalo't lalong naging dakila hanggang sa naging totoong dakila. 14 At siya'y may tinatangkilik na mga kawan, at mga tinatangkilik na mga bakahan, at malaking sangbahayan: at kinainggitan siya ng mga Filisteo.” (Genesis 26:12-14)* Pinagpala ng Dios si Isaac sa napakalaking paraan na kinainggitan siya ng mga Filisteo, at itinaboy siya palayo sa kanila, ngunit sa huli habang patuloy na binabasbasan ng Dios si Isaac ang mga Filisteo ay bumalik upang gumawa ng kasunduan ng kapayapaan sa kanya, *“27 At sinabi sa kanila ni Isaac, Bakit kayo naparirito sa akin, dangang kayo'y nangapopoot sa akin at pinalayas ninyo ako sa inyo? 28 At sinabi nila, Malinaw na aming nakita, na ang Panginoon ay sumasaiyo: at aming sinabi, Magkaroon ng pagsusumpaang tayo, kami at ikaw at makipagtipan kami sa iyo.” (Genesis 26: 27-28 KJV)* Ang tanong na kailangang itanong natin dito, kung si Isaac na ama ni Jacob ay gayong mayamang tao bakit si Jacob na kanyang anak ay nagdusa sa gayong masamang paraan sa ilalim ni Laban? Si Isaac ayon sa Banal na Kasulatan na binasa natin ay pinagpala siya ng Dios at siya'y naging hindi lamang dakila kundi napaka dakila. Si Isaac ayon sa Banal na Kasulatan na binasa natin ay hindi lamang may mga alipin kundi *“at malaking sangbahayan”*. Kung ang ama ay nasa gayong paraan na napakayaman kung gayon bakit si Jacob ay namuhay bilang alipin sa dalawampung taon sa gayong mahirap na kalagayan ng gawain sa kanyang buhay gaya ng tinalakay natin mula sa Salita ng

Dios? Bakit si Jacob ay nagtatrabaho sa ilalim ng init ng araw, at sa lamig ng gabi, na walang maayos na tulog habang ang kanyang ama ay mayamang tao, bakit si Jacob ay hindi kumakain ng maayos na pagkain at walang karne habang ang kanyang ama ay may maraming mga kawan at hayop? Hanggang sa punto na kung babasahin natin sa *Genesis 28:11* “*At dumating sa isang dako, at nagparaan ng buong gabi roon, sapagka't lumubog na ang araw; at kumuha ng isa sa mga bato sa dakong yaon, at inilagay sa kaniyang ulunan, at nahiga sa dakong yaon upang matulog.*” Makikita natin si Jacob na walang higaan at natulog sa mga bato na ginamit niyang mga unan para sa kanya. Kung napakayaman ni Isaac ayon sa nabasa natin bakit nga ba nagdurusa ang kanyang anak ng napakasaklap na sitwasyon sa kanyang buhay? Ito ay dahil sa kasalanan at yaon ay maaga nating makikita habang dadaaan natin ang mensahe.

Ang kinabukasan ng ating mga anak ay nasa ating mga kamay, at kung ano ang gagawin mo ngayon at ang paraan ng iyong pagkilos at pag uugali ay magpapasya sa hinaharap at ang kahihinatnan ng buhay ng iyong mga anak.

Paano nahulog si Jacob sa gayong kahirapan at kaawa awa sa kanyang buhay? Sa loob ng isang gabi ay tinanggihan siya. Tiyak may mga dahilan para sa mga ganyan. **Makikita mo nang malinaw kung paanong darating ang kahirapan sa buhay ng iyong mga anak, ngunit mapipigilan mo ito kung malalaman mo kung paanong kumilos kasama ng Dios at lumakad sa mga landas ng Dios.**

Biglang inilabas si Jacob sa bahay ng kanyang ama bilang isang kagipitang bagay at makikita natin na siya'y natulog sa lupa, at ang mga bato ang kanyang higaan. Paano nangyari ang lahat ng iyon? Hayaan ninyong sabihin ko sa inyo ang katotohanan at bibigyan ko kayo ng mga katotohanan sa Bibliya.

Si Jacob ay kakambal ng kanyang nakakatandang kapatid na si Esau, Si Esau ay masamang tao ngunit sa pagiging panganay ng kanyang ama ay tinawag siya at sinabihan siya na pumaroon at mangaso ng usa para sa kanya at maghanda siya ng masarap na pagkain na gusto niya sa gayo'y makakain siya at pagpalain siya bago siya mamatay. Si Isaac sa panahong iyon ay 137 na taong gulang at kanyang mga mata ay malabo, “*1 At nangyari, nang matanda na si Isaac, at malabo na ang kaniyang mga mata, na ano pa't hindi na siya makakita, ay tinawag si Esau na kaniyang anak na panganay, at sinabi sa kaniya, Anak ko: at kaniyang sinabi, Narito ako. 2 At sinabi niya, Narito, ako'y matanda, at hindi ko nalalaman ang kaarawan ng aking kamatayan. 3 Ngayon nga'y kunin mo ipinamamanhik ko sa iyo, ang iyong almas, ang iyong lalagyan ng pana, at ang iyong busog, at lumabas ka sa parang, at ihuli mo ako ng usa; 4 At igawa mo ako ng masarap na pagkain, na aking ibig, at dalhin mo rito sa akin, upang ako'y kumain; upang ikaw ay basbasan ko bago ako mamatay.*” (*Genesis 27:1-4*) narinig ni Rebeca ang sinabi ng kanyang asawa, at siya'y kumilos nang mabilis upang itulak si Jacob na gawin ang pareho sa gayo'y makuha niya ang pagpapala ng kanyang ama bago si Esau, Ating basahin, “*6 At isinaysay ni Rebeca kay Jacob na kaniyang anak na sinasabi, Narito, narinig ko ang iyong ama na nagsasalita kay Esau na iyong kapatid, na sinasabi, 7 Dalhan mo ako ng usa, at igawa mo ako ng pagkaing masarap, upang ako'y kumain, at ikaw ay aking basbasan sa harap ng Panginoon, bago ako mamatay, 8 Ngayon nga, anak ko, sundin mo ang aking tinig, ayon sa iniutos ko sa iyo. 9 Pumaroon ka ngayon sa kawan, at dalhin mo rito sa akin ang dalawang mabuting anak ng kambing; at gagawin kong masarap na pagkain sa iyong ama, ayon sa kaniyang ibig. 10 At dadalhin mo sa iyong ama, upang kumain, ano pa't ikaw ay kaniyang basbasan bago siya mamatay. 11 At sinabi ni Jacob kay Rebeca na kaniyang ina, Narito, si Esau na aking kapatid ay taong mabalalaho, at ako'y taong makinis. 12 Marahil ay hihipiun ako ng aking ama, at aariin niya akong parang nagdaraya sa kaniya; at ang aking mahihita ay sumpa at hindi basbas. 13 At sinabi sa kaniya ng kaniyang ina, Sa akin mapunta ang sumpa sa iyo, anak ko: sundin mo lamang ang aking tinig, at yumaon ka, na dalhin mo sa akin. 14 At siya'y yumaon at dinala sa kaniyang ina: at gumawa ang kaniyang ina ng masarap na pagkain, na ibig ng kaniyang ama. 15 At kinuha ni Rebeca ang mainam na damut ni Esau, na kaniyang anak na panganay, na nasa kaniya sa bahay, at isinuot kay Jacob na kaniyang bunsong anak: 16 At ang mga balat ng mga anak ng kambing ay ibinalot sa kaniyang mga kamay, at sa kinis ng kaniyang leeg. 17 At kaniyang ibinigay ang pagkaing masarap, at ang tinapay na kaniyang inihanda, sa kamay ni Jacob na kaniyang anak. 18 At siya'y lumapit sa kaniyang ama, at nagsabi, Ama ko; at sinabi niya: Narito ako; sino ka, anak ko? 19 At sinabi ni Jacob sa kaniyang ama, Ako'y si Esau na iyong panganay; ginawa ko ang ayon sa sinabi mo sa akin: bumangon ka, ipinamamanhik ko sa iyo, maupo ka at kumain ka ng aking usa, upang basbasan ako ng iyong kaluluwa.*” (*Genesis 27:6-19 KJV*) Makikita mo ngayong malinaw ang maling ginawa ni Rebeca kung paanong itinulak niya ang kanyang anak na si Jacob para dayain ang kanyang ama, bagaman batid niya na iyon ay masamang pagkilos mula sa kanya, gaya ng sinabi niya sa talata 13, “*Sa akin mapunta ang sumpa sa iyo, anak ko: sundin mo lamang ang aking tinig, at yumaon ka, na dalhin mo sa akin.*” Si Rebeca ay mas bata kaysa kay Isaac, sinabi ng Judiong manunulat na si Rebeca ay 14 na taong gulang nang napangasawa niya si Isaac na 40 na taon gulang, ngunit pagkatapos ng *Genesis 27*, wala na tayong narinig tungkol kay Rebeca kundi ang dako ng kanyang libingan. Posible sa sinabi niya, ang sumpa ay nahulog sa kanya dahil ang ginawa niya ay kasalanan. Ngunit si Isaac ayon sa Banal na Kasulatan ay nabuhay pa ng 43 na mga taon at namatay sa gulang ng 180 na mga taon.

Oo totoo ang sinalita ng Dios sa kanya nang siya ay nagdadalang tao nang ang mga bata ay nagbubuno sa kanya na ang matanda ay maglilingkod sa bata, **“23 At sinabi sa kaniya ng Panginoon, Dalawang bansa ay nasa iyong bahay-bata, At dalawang bayan ay papaghihiwalayin mula sa iyong tiyan: At ang isang bayan ay magiging malakas kaysa isang bayan; At ang matanda ay maglilingkod sa bata.”** (Genesis 25:23) Ngunit hindi ibig sabihin nito na siya mismo ang gagawa ng sarili niya, iniisip na maililhis niya ang pagpapala ng Dios kay Esau patungo kay Jacob. Sinabi iyon ng Dios sa kanya, kaya hayaan ang Dios mismo ang gumawa nito at maghintay sa Dios na siya mismo ang gagawa nito at pagpapalain si Jacob at huwag mong gawin ito nang mag-isa kung hindi, ito ay magiging sumpa. *** Hindi lang niya gustong pumalit sa kanyang asawa kundi gusto niyang pumalit sa Dios. * Kumilos kasama ng Dios, maghintay sa Dios, at hayaan ang Dios na kumilos at gawin ito para sa inyong mga anak at huwag gawin ito nang mag-isa, kung hindi, ito ay magiging sumpa. * Unawain para magawa ninyo ang ibig sabihin ng Dios sa pahayag na ito: **“at ang matanda ay maglilingkod sa bata.”** sa pananaw ng tao ay si Esau na matanda ang maglilingkod kay Jacob na mas bata, ngunit ang ibig sabihin ng Dios ay ang Mesiyas na buhat kay Jacob na mas bata at kaya si Esau na matanda, at ang lahat pati na si Jacob na bata at hindi lamang ang matanda, ay dapat maglilingkod sa Mesiyas na magmumula kay Jacob na nakababata.**

Tunay din na ipinagbili ni Esau ang kanyang pagkapanganay kay Jacob at ipinawalang bahala ito para sa isang pagkain ng lentehas gaya ng mababasa natin dito, **“32 At sinabi ni Esau, Narito, ako'y namamatay: at saan ko mapapakinabangan ang pagkapanganay? 33 At sinabi ni Jacob, Isumpa mo muna sa akin; at isinumpa niya sa kaniya: at kaniyang ipinagbili ang kaniyang pagkapanganay kay Jacob. 34 At binigyan ni Jacob si Esau ng tinapay at nilutong lentehas; at siya'y kumain, at uminom, at bumangon at yumaon: gayon niwalang halaga ni Esau ang kaniyang pagkapanganay.”** (Genesis 25:32-34) Ngunit kahit iyon ay hindi nagbibigay-katwiran sa ginawa nina Jacob at Rebeca.

Walang katibayan mula sa Kasulatan na narinig ni Isaac ang tungkol sa sinabi ng Dios kay Rebeca tungkol kina Esau at Jacob, at tungkol din sa kung paanong ipinagbili ni Esau ang kanyang pagkapanganay kay Jacob. Ngunit alam ni Isaac na si Esau ay gumawa ng mabibigat na bagay nang siya ay mag asawa mula sa mga tao sa lupain, **“34 At nang si Esau ay may apat na pung taon ay nagasawa kay Judit, na anak ni Beeri na Heteo, at kay Basemat na anak ni Elon na Heteo: 35 At sila'y nakasama ng loob kay Isaac at kay Rebeca.”** (Genesis 26:34-35 KJV) At sa ginawa ni Isaac dito sa pagtawag sa kanya upang pagpalain siya ay tama dahil siya ang panganay na anak at iyon ang dapat nilang gawin at hindi maaring tawagin si Jacob na gawin iyon para sa kanya. Bagama't batid ni Isaac na si Esau ay hindi makadios na tao. Si Isaac ay naghihintay sa Dios at napinilitan siyang yumaon at gawin lamang ito kapag siya ay matanda na at naiisip na siya ay malapit nang mamatay. Batid nina Rebeca at Jacob ang ginagawa ni Isaac ay matuwid dahil hindi nila ito tinutulan sa publiko kung ano ang gagawin niya. Alam ni Isaac na hindi karapat dapat si Esau sa pagpapala ngunit hinihintay niya ang Dios Mismo ang gumawa nito. Hindi niya kinuha ang lugar ng Dios gaya ni Rebeca. Ano ang kailangang gawin ni Rebeca? Kailangan niyang maghintay sa Dios at huwag magkasala at magdulot ng malalaking problema. **Huwag mong gawin ang pansarili mo para pagpalain ang iyong mga anak, dahil guguluhin mo lamang sila tulad ng ginulo ni Rebeca si Jacob. Sa mga tiyak na pangyayari tulad nito ang kailangan mong gawin ay kailangan mong manatiling tahimik at maghintay at makita kung paano darating ang Dios at pagpalain ang iyong anak na lalaki, ang iyong anak na babae o ang iyong mga anak.**

Maari mong tanungin ‘Paanong gagawin iyon ng Dios upang pagpalain si Jacob? Batid Niya ang Kanyang ginagawa at hindi Niya kailangan ang iyong tulong. Manatiling tahimik at magpakabuti! * Maraming mga magulang ang nabigo sa gayong mga pangyayari, ngunit sila’y nagkakasala sa Dios sa pamamagitan ng paglagay ng kanilang mga kamay at pagsisikap na manipulahin ang sitwasyong itinakda ng Dios na pagdaanan para sa kanilang mga anak. * Huwag gawin iyon; ang gayong mga kritikal na sandali sa buhay ng inyong mga anak ang Dios ang siyang magbibigay ng Kanyang huling Salita tungkol dito. Magbigay daan sa Kanya at huwag kunin ang tuntunin ng Dios sa kanilang buhay.

Mababasa natin ang tungkol sa asawang babae na magpasakop sa iyong asawa, **“22 Mga babae, pasakop kayo sa inyo-inyong sariling asawa, na gaya ng sa Panginoon, Sapagka't ang lalake ay pangulo ng kaniyang asawa, gaya naman ni Cristo na pangulo ng iglesia, na siya rin ang tagapagligtas ng katawan. 24 Datapuwa't kung paanong ang iglesia ay nasasakop ni Cristo, ay gayon din naman ang mga babae ay pasakop sa kani-kaniyang asawa sa lahat ng mga bagay.”** (Epeso 5:22-24 KJV) Ano sa palagay ninyo; Nagpasakop ba si Rebeca kay Isaac? Pakiusap sumagot kayo ng malakas _____. Hindi naman; kabaligtaran ang ginawa niya sa lahat ng ipinagagawa niya. Tunay na hindi man lang niya tinanong siya, ngunit inilagay niya ang sarili at nakialam. Itinulak niya ang kanyang anak na si Jacob na dayain ang ama nito para maisakatuparan ang gusto nito. Maging ang kanyang anak ay nagsisikap na ipaliwanag sa kanya na ito ay magiging sumpa, ngunit ipinagmalaki niya na kaya niyang tanggapin ang sumpa ng Dios. Ito ang tinatawag kong ministeryo ni Rebeca. Hindi lang iyon kundi sinamantala niya ang kanyang asawa dahil hindi ito nakakakita. Niluto niya ang pagkain na hiniling niya gamit ang isa pang nilalaman ng iniutos niya, hiniling niya ang usa binigyan niya ng kambing, tinanong niya si Esau pinagbalat-kayo niya si Jacob at dinamitan niya siya at nangamoy maging katulad ni Esau sa pamamagitan ng pagsusuot sa kanya ng damit ni Esau upang magkaroon

ng kanyang amoy at takpan ang kanyang mga kamay at leeg ng mga balat ng mga kambing kaya sa pakiramdam ay magiging katulad ni Esau upang dayain ang kanyang asawa sa gayo'y mahikayat siya at sumulong para pagpalain siya. **“22 At lumapit si Jacob kay Isaac na kaniyang ama: at hinipo siya, at sinabi, Ang tinig ay tinig ni Jacob, nguni't ang mga kamay ay mga kamay ni Esau.” (Genesis 27:22 KJV)** Hindi magawang matuklasan ni Isaac si Jacob dahil sa paraang pagbabalat-kayo ni Rebeca sa kanya. Siya ay napakaingat kung paanong dayain ang kanyang asawa. **“26 At sinabi sa kaniya ni Isaac na kaniyang ama, Lumapit ka ngayon at humalik ka sa akin, anak ko. 27 At siya'y lumapit at humalik siya sa kaniya: at naamoy ng ama ang amoy ng kaniyang mga suot, at siya'y binasbasan, na sinabi, Narito, ang amoy ng aking anak Ay gaya ng amoy ng isang parang na pinagpala ng Panginoon:” (Genesis 27:26-27 KJV)** Naamoy ni Isaac si Jacob ngunit hindi niya ito natuklasan dahil suot niya ang damit ni Esau na ginagamit niya sa bukid kaya nang maamoy niya ito ay lalo niyang inisip na siya ay si Esau. **“25 At kaniyang sinabi, Ilapit mo sa akin, at kakain ako ng usa ng aking anak, upang basbasan ka ng aking kaluluwa. At kaniyang inilapit sa kaniya at kumain siya: at siya'y dinalhan niya ng alak, at uminom.” (Genesis 27:25 KJV)** Siya ay napakagaling magluto. Kinain ni Isaac ang niluto ni Rebeca at hindi natuklasan ang hindi tunay na usa dahil siya ay napakasanay sa paggawa ng mga bagay upang dayain ang kanyang asawa. Ang usa ay mabangis na hayop na hinuhuli sa parang tulad ng usa at ito ay napakasarap, ngunit niluto niya ito kay Isaac mula sa kambing at pinasarap ang lasa na hindi niya matutuklasan ito. **Inisip na ang gayong pagpapala ay darating sa kanyang anak; nakakalimutan na ang mga pagpapala ng Dios ay maaaring dumating sa kanya nang hindi ginagawa ang mga ganoong bagay. Huwag isangkot ang iyong sarili sa ministerio ni Rebeca.**

Nang sabihin ng Salita ng Dios, **“1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba.” (Roma 12:1 KJV)** Ang ministryong inialay ni Rebeca na mula sa masarap na pagluluto at pagkain, pag-aayos ng damit, at pag aalis ng balat ng kambing; Kanino niya inialay ang ministryong iyon sa Dios o sa mga demonyo? Pakiusap sumagot ka at sa malakas na boses _____.

Inialay niya ang lahat ng iyon hindi sa Dios kundi sa demonyo, ang kapareho sa sinabi ni Moise sa pag aalay ng mga handog sa mga daiblo: **“7 At huwag na nilang ihahain ang kanilang mga hain sa mga Diablo na kanilang pinanaligan. Magiging palatuntunan nga magpakailan man sa kanila sa buong panahon ng kanilang lahi.” (Levitico 17:7 KJV)** At kaya nang nag alay siya sa mga demonyo pagkatapos ang mga demonyo ay babalik sa kanya at sa kanyang anak at gagawan sila ng mga problema. **Sa parehong paraan kapag ginawa mo ang ministryo ni Rebeca at nag alay sa mga demonyo ang mga demonyo ay guguluhin ka at guguluhin ang iyong mga anak.**

Nakita ko ang mga taong ganyan, napakatuso sa pandaraya, pagbibigay ng maling ulat at paggawa ng mga bagay bagay upang takpan ang kanilang agenda, at maging sila ay nanalangin na hindi sila matuklasan, at na hindi ko sila matutuklasan ngunit tiyak na ang mga ganitong panalangin ay hindi sa Dios kundi sa mga demonyo upang magtagumpay sa kanilang agenda, at iniisip nila na hindi nakikita ng Dios ang kanilang mga maling gawain at kanilang kasamaan, nakakalimutan na ang Dios ay nanonood sa kanila 24 oras sa loob ng pitong araw ng bawat linggo. **Maari mong dayain ang tao, maari mong dayain ang simbahan, at sa lahat ng gayon dinadaya mo ang iyong sarili, ngunit hindi mo madadaya ang Dios. Ang itinanim mo ang mga anak mo ang mag aani. Kung susuway ka sa Dios at babaliin ang Kanyang Salita at gagawin ang iyong sariling kagustuhan, walang ibang magdudusa kundi ikaw at ang iyong mga anak. Ngunit kung matatakot ka sa Dios kung gayon ikaw at ang iyong mga anak ay pagpapalain.**

Ang ginawa ni Rebeca ay isang mabuting patotoo sa iba upang sundan? Pakiusap sumagot sa isang malakas na tinig _____.

Hindi naman; hindi siya magandang patotoo, Mababasa natin sa aklat ng Tito ang sumusunod: **“3 Na gayon din ang matatandang babae ay maging magalang sa kanilang kilos, hindi palabintangin ni paalipin man sa maraming alak, mga guro ng kabutihan; 4 Upang kanilang maturuan ang mga babaing may kabataan na magsiibig sa kanikaniyang asawa, magsiibig sa kanilang mga anak, mangagpakahinahon, 5 Mangagpakahinahon, mangagpakalinis, mangagpakasipag sa bahay, magagandang-loob, pasakop sa kanikaniyang asawa, upang huwag lapastanganin ang salita ng Dios:” (Titus 2:3-5 KJV)** Dito sinasabi na si Pablo ay pumipili ng ilang mga babaeng makaDios na may edad na may mabuting pag uugali upang turuan ang mga nakababatang babae na maging matiyaga, mahalalin ang kanilang mga asawa at mga anak, at kumilos sa iba pang mga mabuting bagay tulad ng pagiging matalino, malinis, magalang, mga tagapag alaga sa bahay, upang gumawa at magtrabaho ng mga mabuting bagay sa bahay, at huli ay sinabi nito na turuan sila na maging masunurin sa kanilang mga asawa at sa gayong paggawa ay magiging mabuti silang halimbawa sa iba at ang Salita ng Dios ay hindi lalapastanganin. Bakit ibinigay ni Pablo ang responsibilidad na magturo dito sa ilang matatandang piniling kababaihan na turuan ang mga nakababatang babae? Bakit hindi sinabi ni Pablo kay Tito na kailangan mo silang turuan dahil hindi nila alam ang Salita ng Dios? Bakit hindi sinabi ni Pablo kay Tito na

kailangan mong magtalaga ng mabubuting guro sa Salita ng Dios na magtuturo sa mga kabataang babae? Bakit hinirang ni Pablo ang matatandang kababaihan? Bakit niya hinirang ang matatandang kababaihan na magturo? Hindi dahil sa mga babaeng mas angkop na magturo sa ibang babae kundi dahil sa mga matatandang babae ay malapit na silang mamatay, naghihintay na kunin sila ng Dios, kaya sila ay nagsisisi sa lahat ng kanilang mga kasalanan at pagkakamali at maling gawain na kanilang ginawa noon at sila ang pinakamahusay na mga guro upang turuan ang mga kabataang babae at sasabihin sa kanila halimbawa sa ganitong paraan: **‘Nagawa ko na ang lahat ng mga bagay na walang kabuluhan na tulad at mas masahol pa gaya ng ginawa ni Rebeca at ang aking mga anak ay nagdurusa sa ginawa ko at kaya makinig at magpakabuti at magsisi upang ang iyong mga anak ay hindi magdusa tulad ng pagdurusa ng aking sariling mga anak.’**

Nang sinabi sa **Tito 2:5** **“upang huwag lapastanganin ang salita ng Dios:”** nang dayain ni Rebeca ang kanyang asawa na unang taong lumapastangan sa Salita ng Dios at sinuway ang Dios? Pakisagot po ng malakas _____ Ang kanyang sariling anak na si Jacob, siya ang unang sumunod sa maling halimbawa sa kanya at nagkasala sa Dios sa pandaraya at panloloko sa kanyang ama at nagdusa dahil sa kanyang kasalanan; makalipas ang ilang araw ay natulog siya sa lupa sa labas ng bahay ng kanyang ama, gaya nang ilabas sina Adan at Eva mula sa Halamanan ng Eden matapos silang magkasala sa Dios. Bakit walang higaan sa bahay ng kanyang ama na kailangan ni Jacob na matulog sa lupa? Mayroon ngunit si Jacob ay nagkasalan at iyon ang bunga ng kanyang kasalanan, kaya siya ay pinalayas sa bahay ng kanyang ama at nagdusa sa loob ng dalawampung taon. Sa bahay ng kanyang ama ang mga kawan ay nasa ilalim ng kanyang kamay at maaari siyang kumain ng karne nang libre sa anumang oras ngunit pagkatapos niyang magkasala ay hindi na at nagdusa sa loob ng dalawampung taon na mahirap na buhay sa ilalim ni Laban. **Sa parehong paraan kapag nilapastangan mo ang Salita ng Dios na alam mo at ibinibigay namin sa iyo, ang unang lumapastangan sa Salita ng Dios ay ang iyong sariling mga anak at magdurusa para sa kasalananang iyon, ganoon ang kinabukasan ng iyong mga anak sa iyong kamay ngayon, at ganoon darating ang kahirapan sa kanilang buhay.**

Sa aking Mahal at Minamahal: Pakiusap magsisi at magpakabuti. **Ikaw ay ang Simbahan ng Dios at ikaw ang mga simbahan ni Cristo, na nangangahulugang ikaw ay asawa ni Jesus at kaya kapag sumuway ka kay Cristo, at nandaraya at ginagawa ang lahat ng kasamaan upang takpan ang iyong sariling kalooban at plano mula sa simbahan at mula sa akin bilang iyong pastor at tagapangasiwa kung gayon pinapayagan mo, nagiging sanhi at itinutulak ang iyong mga anak at ang iyong mga alagad at ang iba pang mga tao sa paligid mo na lapastanganin ang Salita ng Dios, magkasala sa Dios at sila ay magdurusa at ikaw ay magdurusa para doon din.**

Lumapit ngayon sa Dios sa pagsisisi. Talikdan ang iyong mga kasalanan at ang lahat ng iyong mga masamang gawain. Magpakabuti, at ilagay sa iyong isipan na ang kinabukasan ng iyong mga anak, ng iyong mga apo at ang hinaharap na salinlahi ay nasa iyong mga kamay ngayon. Maging masigasig at magsisi! Lumapit ngayon sa Dios, magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan, at maging handang magbago, upang makita at maawa ang Dios sa iyo at sa iyong mga anak.

Ang aking panalangin: *Amang Dios Ako ay lumalapit sa harapan mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyo para sa iyong Salita na inilantad sa akin ang lahat ng aking mga kasalanan at maling gawain laban sa iyo at laban sa iyong simbahan at laban sa aking pamilya at sa aking mga anak. Panginoon salamat sa iyo para sa lahat ng mga pagsaway at pagtutuwid na aking tinanggap sa mensaheng ito.*

Ngayon magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi at talikdan ang iyong naantalang pagsunod, katigasan ng ulo at bahagyang pagsunod. Magsisi sa iyong pandaraya at panlilinlang, sa iyong pagsisinungaling at paggawa ng mga bagay na masama ayon sa iyong sariling makasalanang paraan. Magsisi at talikdan ang iyong kawalang kahandaang isuko ang iyong sariling kalooban at plano sa Dios. Magsisi at talikdan ang iyong kawalang kahandaang magtiis sa paghahintay sa Dios hanggang dumating Siya at pagpalain ka at ang iyong mga anak. Magsisi at talikdan ang iyong kamunduhan, ang iyong pagnanasa, ang iyong imoralidad, ang iyong pagsamba sa dios-diosan at iyong espirituwal na pangangalunya at pag aalay sa mga demonyo. Magsisi at talikdan ang iyong kawalan ng takot sa Dios sa iyong buhay, ang iyong kakulangang manalangin at magbasa ng Bibliya. Magsisi sa pakikisama sa hindi mga mananampalataya at paglalaan ng higít na oras sa iyong mga kaibigan, at sa Media, mga Balita at laro. Magsisi sa pagiging masamang halimbawa at masamang patotoo, at ang iyong kawalang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon patawarin mo ako, Ako’y nagsisisi at tinatalikuran ang sumusunod na mga kasalanan

Panginoon ipinangako ko ang aking buhay sa iyong kamay, nagsisisi sa lahat ng aking mga kasinungalingan, pandaraya at paglilinlang at ginagawa ang mga bagay na naayon sa aking mga paraan. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na matakot sa iyo, sundin ang iyong mga utos, gawin ang iyong kalooban, at pagsuko ng aking sarili nang ganap sa iyong mga plano at layunin sa aking buhay. Panginoon bigyan mo ako ng pagtitiis at

pagtitiyaga na maghintay sa iyo na dumating at pagpalain ako. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na turuan ang aking pamilya at ang aking mga anak ng iyong Salita at ng iyong mga landas. Panginoon Ako'y nagitiwala sa iyo na habang Ako ay susunod sa iyo at palakihin ang aking mga anak sa pagkatakot sa iyo bibigyan mo ng magandang kinabukasan ang aking mga anak at poprotektahan sila at maglalaan sa kanila.

Panginoon, salamat sa iyo para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na napagtanto ang kanilang mga kasalanan at nagsisi mula sa kanilang masasamang gawain at gawin ang kanilang sariling plano at kalooban. Panginoon patuloy na turuan sila at tagubilinan sila na yumaon sa iyong mga landas. Panginoon sa gutin ang kanilang mga panalangin, protektahan sila, tulungan silang dumaan sa mga pagsubok na kinakaharap nila sa kanilang buhay, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan upang patuloy silang maglingkod sa iyo at palakihin ang kanilang mga anak sa pagkatakot sa iyo. Panginoon panalangin ko na patuloy mong disiplinahin ang mga tao at simbahan na sumuway sa iyo, ang mga gumagawa ng ministerio ni Rebeca at ang mga namumuhay at ginagawa ang kanilang sariling kalooban upang sila'y magsisi at matakot sa iyo. Mga demonyo tinatali ko kayo at itinaboy sa kanilang buhay, umalis kayo at huwag kayong bumalik sa kanila sa pangalan ni Jesus.

Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan, at tulungan kami na patuloy na ituro ang iyong Salita at ipatupad ang iyong mga utos sa buhay ng aming mga kasapi, manggagawa, pamilya at kapisanan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na yumaon at mag evangelio, at gumawa ng mga alagad at magsanay ng mga manggagawa na yumaon at magtanim ng mga bagong mga pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon kunin ang mensahe at ipalaganap ito na magdadala ng bunga na nais mo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaaing lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Kinabukasan ng ating mga Anak ay nasa ating mga Kamay Yugto 2. Genesis 31:36-42. Genesis 25:11. Genesis 26:12-14, 27-28. Genesis 28:11. Genesis 27:1-4, 6-19, 22, 25, 26-27. Genesis 25:23, 32-34. Genesis 26:34-35. Efeso 5:22-24. Roma 12:1. Levitico 17:7. Tito 2:3-5.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:

NBADAEEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com